① Tama City Central Library　2-35 Ochiai
☎042－373－7955

Bumaba sa "Tama Center Station" ng Keio Line, Odakyu Line o Tama Toshi Monorail.
7 minutong lalakarin (Nasa loob ng parke,Tama Chuo Park)

Oras na bukas: 9:30 am – 8:00 pm
Araw na sarado: 1st & 3rd Huwebes




**Kagamitan**
Mga upuan para sa magbabasa
Silid para sa tahimik na pagbabasa
Silid para sa indi-bidwal na pag-aaral
Silid para sa grupong pag-aaral
Silid pagbabasa para sa may kapansanan
Silid para sa mga aktibidad (may bayad)
Learning commons
Silid-kuwentuhan
Libreng Wi-Fi

※Maaaring magdala ng sariling kompyuter

②Higashi-terakata Library 626-7　Higashi-terakata
☎042－371－2242

**Mula sa Seiseki Sakuragaoka**　No. 9 na bus stop
Mga bus na daraan sa Ichinomiya:Papuntang Tama Center Station (桜 72), Papuntang Nambu Chiiki Byoin Iriguchi (桜 73)
Bumaba sa "Sogo Taiikukan Iriguchi", 1-min. lalakarin

**Mula sa Tama Center Station** No. 5 na bus stop
Mga bus na daraan sa Ichinomiya: Papuntang SeisekiSakuragaoka Station (桜 72 /73). Bumaba sa "Higashi-terakata". 1-min. lalakarin

Oras na bukas: 10am – 5pm
Araw na sarado: Huwebes, holiday




**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa

③ Toyogaoka Library　5-6 Toyogaoka
☎042－374－6581

**Mula sa Tama Center Station** No. 8 na bus stop
Mga bus na daraan sa Toyogaoka 4-chome: Papuntang Nagayama Station(永 65), papuntang SeisekiSakuragaoka Station (桜 46), papuntang Toyogaoka 4-chome(多 03)
Bumaba sa "Ochiai 4-chome". 5 minutong lalakarin

**Mula sa Nagayama Station**　No. 1 na bus stop
Mga bus na daraan sa Ohashi: Papuntang Tama Center Station (永 65), papuntang Toyogaoka 4-chome (永 66)
Bumaba sa "Toyogaoka 4-chome".　5 minutong lalakarin




Oras na bukas: 10am – 5pm
Araw na sarado: Huwebes, holiday

**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa
・Silid sa pag-aaral※

※ Maaaring magdala ng sariling kompyuter

④ Sekido Library 2F The Square, 1-1-5 Sekido
☎042－371－1004

Bumaba sa Keio Line "Seiseki Sakuragaoka Station"
1-min. na lalakarin (Nasa ikalawang palapag ng "The Square")

Oras na bukas: Weekdays　9:30am – 730 pm
Sabado, Linggo at holiday 9:30am -5pm
Araw na sarado:　Huwebes




**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa
・Silid para sa pagbabasa
・Upuan para sa mga may sapat na edad (hindi sa estudyante)
・Silid para sa mga aktibidad (may bayad)

※Maaaring magdala ng sariling kompyuter

# TAMA CITY LIBRARY

**Mapa ng mga library (silid-aklatan)**




## ＜Oras ng paggamit ng Book Return/Drop (Saulian ng Libro)＞

| | |
|---|---|
| ①Main Library | 1F: 8:30pm-9:30am<br>24 na oras sa 1st & 3rd Huwebes<br>2nd basement: 9:30am-5pm sa 1st & 3rd Huwebes |
| ②Higashi-terakata Library | 5pm-10am<br>24 na oras sa Huwebes at holidays |
| ③Toyogaoka Library | 5pm-10am<br>24 na oras sa Huwebes at holidays |
| ④Sekido Library | Weekdays 7:30pm-9:30am<br>24 na oras tuwing Huwebes<br>Sabado, Linggo at holidays　5pm-9:30am |
| ⑤Hijirigaoka Library | 5pm-10am<br>24 hours sa Huwebes at holidays |
| ⑥Nagayama Library | Tuwing umaga 5am-9:30am<br>Weekdays 7:30pm-12 hatinggabi<br>Sabado, Linggo at holiday 5pm-12 hatinggabi<br>Huwebes 5am-12 hatinggabi |
| ⑦Karakida Library | 5pm-10am<br>24 na oras sa Lunes at holidays |
| ⑧Administrative Archives Office | Weekdays 5pm-10am<br>24 na oras sa Sabado, Linggo at holidays |

【Tama Center Station Bus Terminal】
(Sa harap ng Tama Legal Affairs Bureau Certification Service Center) Magagamit 24 na oras
Kinokolekta dalawang beses sa isang araw, mga bandang 10:30 am at 4:30 pm.

Gabay sa Books Return/Drop (Saulian ng Libro)　I-scan ang QR code para sa detalye

**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa
・Silid ng pagbabasa para sa may kapansanan




Oras na bukas: 10am – 5pm
Araw na sarado: Huwebes at holiday

⑤ Hijirigaoka Library
1F Hijirikan, 2-21-1 Hijirigaoka
☎042－339－7333

**Mula sa Seiseki Sakuragaoka** No. 12 na bus stop
Bus na daraan sa Hijirigaoka-danchi: Papuntang Nagayama Station (桜 06)
**Bumaba sa "Hijirigaoka Center". 1-min. lalakarin**

**Mula sa Nagayama Station** No. 2 na bus stop
Papuntang Hijirigaoka-danchi(永 34), papuntang Seiseki Sakuragaoka Station (桜 06)
Bumaba sa "Hijirigaoka Center". 1-min lalakarin/1F Hijirikan

**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa
・Upuan para sa mga may sapat na edad (hindi sa estudyante)
・Serbisyo para sa may kapansanan
・Silid ng pagbabasa para sa may kapansanan
※Maaaring magdala ng sariling kompyuter




⑥ Nagayama Library
3F Bellebs Nagayama, 1-5 Nagayama
☎042－337－6211

**Bumaba sa Keio Line/Odakyu Line "Nagayama Station". 3-min. lalakarin (3F Bellebs Nagayama)**

Oras na bukas: Weekdays　9:30am-7:30pm
Sabado at holiday　9:30am-5pm
Araw na sarado: Huwebes

**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa
・Upuan para sa paggamit ng kompyuter, atbp.
・Silid ng pagbabasa para sa may kapansanan

※Maaaring magdala ng sariling kompyuter




⑦ Karakida Library
1F Karakida Shobukan, 6-14 Tsurumaki
☎042－338－0660

**Bumaba sa Odakyu Tama Line "Karakida Station"/ 2-min lalakarin** (1F Karakida Shobukan)

Oras na bukas: 10am – 5pm
Araw na sarado: Lunes at holiday

**Kagamitan**
・Mga upuan para sa magbabasa




⑧Administrative Archives Office
6-12-1 Sekido (Dainichosha, Tama City Hall)
☎042－338－6888

**Mula sa Seiseki Sakuragaoka**　No. 8 na bus stop
Mga bus na daraan sa Tama City Hall: Papuntang Tama Center Station (桜 62), Tsurumaki-danchi Junkan (桜 63).
Bumaba sa "Tama City Hall". 1-min. lalakarin

**Mula sa Tama Center Station**　No. 6 na bus stop
Mga bus na daraan sa Tama City Hall: Papuntang Seiseki Sakuragaoka(桜 62/63). Bumaba sa "Tama City Hall". 1-min.lalakarin

Oras na bukas: 8:30am – 5pm
Araw na sarado: Sabado, Linggo at holiday